

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuarter 1

Aralin

4

PAG-AARIN NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8
Kuarter 1: Aralin 4 (Linggo 4)
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon..

Mga Tagabuo

Manunulat: Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

Tagasuri: Amabel T. Siason

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

VALUES EDUCATION/ UNANG KUWARTER / BAITANG 8

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pananampalataya bilang gabay sa pag-iingat sa sarili.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pag-iingat sa sarili gabay ang pananampalataya upang malinang ang paggalang sa buhay.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Nakapagsasanay sa paggalang sa buhay sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga gawain at ugnayan na nakasasama sa katawan. a. Natutukoy ang mga paraan ng pag-iingat sa sarili gabay ang pananampalataya b. Naipaliliwanag na ang pananampalataya bilang gabay sa pag-iingat sa sarili ay pagpapanatili ng ugnayan sa Diyos at pagtiyak upang lubos na mapahalagahan ang buhay at makamit ang layunin ng kaniyang pagkalikha. c. Naisasakilos ang mga paraan ng pag-iingat sa sarili gabay ang pananampalataya.
D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)	Paggalang sa Buhay (<i>Respect for Life</i>)
E. Nilalaman	Pananampalataya Bilang Gabay sa Pag-iingat sa Sarili A. Pananampalataya Bilang Gabay sa Pag-iingat sa Sarili at Pagkamit sa Layunin ng Pagkalikha B. Pagsasakilos ng mga Paraan ng Pag-iingat sa Sarili Gabay ang Pananampalataya
F. Integrasyon	

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO
60 Minutes Australia. (2018). <i>Inspiring man born without arms or legs - Nick Vujicic</i> 60 Minutes Australia [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=tJnJ_fTYofQ ActiveforLife. (2011). <i>Active for Life Public Service Announcement (PSA)</i> [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=2syJ1bAMOVc Genesis 1:26 <i>Ang Dating Biblia</i> (1905). (n.d.). New Christian Bible Study. https://newchristianbiblestudy.org/tl/bible/tagalog-1905/genesis/1/26 Graphic Organizer maker. (n.d.). Tech4Learning. https://graphicorganizer.net/index.php Harmon, S. (2022). <i>What does faith mean? - Grace Theological Seminary</i>. Grace Theological Seminary. https://seminary.grace.edu/what-does-faith-mean/#:~:text=The%20closest%20that%20the%20Bible,is%20God%20and%20his%20promises. ICI Ministries, INC. (2008). <i>IN-STEP new adventures in following God</i> (2009th ed.).

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO	MGA TALA SA GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	Unang Araw: Mula Maikling Balik-Aral hanggang sa gawaing “Bawat Nilikha, May Halaga!”
B. Paglalahad ng Layunin	Bata Bata, Saan Ka Nagmula? Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang tao ay may pinagmulan at may patutunguhan. Ang paniniwala sa katotohanang ito ang nagbibigay-halaga at dignidad sa buhay ng isang tao. Kung alam natin ang ating halaga batay sa pagkalikha sa atin, kung ano ang silbi o layunin natin dito sa mundo at kung saan tayo patungo pagkatapos ng buhay na ito,
UNANG ARAW 1. Maikling Balik-aral A. Gamit ang <i>graphic organizer</i>, isulat ang mga ugat at epekto ng pakikipagkapuwa na natalakay. <pre> graph TD A[PAKIKIPAGKAPUWA] --> B[BUNGA] A --> C[EPEKTO] </pre> B. Paano nalilinig ang pagmamalasakit sa pakikipagkapuwa? Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay naisasabuhay kapag tayo ay may pananampalataya sa Diyos. Naniniwala tayo na kalooban ng Diyos ang gumawa ng mabuti at mahalín ang ating kapuwa gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili. Sa susunod na aralin, pag-aaralan naman ang impluwensiya ng pananampalataya sa pag-iingat sa sarili at paggalang sa buhay.	1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Bata Bata, Saan Ka Nagmula? Isulat sa <i>thought web</i> ang pinaniniwalaan mo tungkol sa iyong pinagmulan? Itanong: - Isa lang ba ang pinapaniwalaan mong pinagmulan mo bilang tao? - Bakit mahalagang alamin ang pinagmulan? https://graphicorganizer.net/index.php

	Ang tao ay may pinagmulan at may patutunguhan. Ang katotohanang ito ang ugat ng halaga ng ating buhay. Sa araling ito, ipapaliwanag kung paano ang paniniwala sa katotohanang ito ay magsisilbing gabay sa pag-iingat sa sarili at sa pagkamit sa layunin ng pagkalikha na siyang nagbibigay-halaga sa buhay. 2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin Kumuha ng kapareha at isulat ang kahulugan ng mga salitang nakasulat sa larawan ng lapis. Ang tatlong walang laman ay maaaring lagyan ng bagong salita habang tinatalakay ang aralin. 	mas magiging makabuluhan ang ating pamumuhay.
C. Paglinang at Pagpapalalim	Kaugnay na Paksa 1: Pananampalataya Bilang Gabay sa Pag-iingat sa Sarili at Pagkamit sa Layunin ng Pagkalikha 1. Pagproseso ng Pag-unawa “Ang pananampalataya ay ang katiyakan ng mga bagay na inaasahan, ang paniniwala sa mga bagay na hindi nakikita.” Mababatid natin mula dito na ang pangunahing katangian ng pananampalataya ay pagtitiwala at paniniwala (Harmon, 2022). Nagtitiwala tayo na totoo ang mga salita at pangako ng Diyos tungkol sa kung sino tayo at gaano tayo kahalaga. Pagnilayan ang mga talata. Suriin ang mga katotohanang nakapaloob sa mga ito tungkol sa halaga ng buhay.	Maaaring itanong sa mga mag-aaral kung ano ang kahulugan ng pananampalataya ayon sa kanilang paniniwala. Hayaang magbahagi din ang mga mag-aaral na hindi naniniwala sa Bibliya ng mga turo sa kanilang kinabibilangang relihiyon ng kanilang paniniwala tungkol sa halaga ng buhay. Ipaunawa na masusing nilikha ang tao.



Ginawa gamit ang Canva.

Sa pag-unawa sa kahalagahan ng ating pag-iral, tayo'y inaanyayahang maging mapanuri at magkaroon ng malalim na pagninilay. Ang pagkilala sa ating sariling halaga ay magsisilbing gabay sa pag-iingat sa ating sarili at ang pagbatid sa layunin ng ating pagkalikha ay nagdudulot ng mas masidhing pagnanais na makamit ito.

IKALAWANG ARAW

Ang Halaga ng Tao

Sa Genesis 1:26 nakasaad na sinabi ng Diyos, *“Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangs: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawat umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.”*

Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga pangungusap.

1. Ang tao ay isang nilikha at may manlilikha. Ito ay nangangahulugang may pinagmulan ang tao at espesyal ang pagkalikha sa kaniya. Ang Lumikha sa kaniya ay ang Diyos na makapangyarihan, mabuti, mapagmahal, atbp. Nilalang siya na kakilakilabot at kagilagilalas.

Maaring tanungin ang mga mag-aaral ano ang kanilang pagkakilala sa Diyos.

- Ano-ano ang katangian ng Diyos na batid mo?

Ikalawang Araw:

Mula sa “Ang Halaga ng Tao” hanggang Paglalapat at Pag-uugnay.

Bago magpatuloy, maaaring magbalik-aral sa mga tinalakay kahapon.

Ang Halaga ng Tao sa Diyos Mga kasagutan:

- espesyal; kahawig

1. Ang tao ay _____ sa Diyos dahil nilikha tayo ayon sa imahe o wangis Niya. Ibig sabihin nito, tao ang pinakamagandang nilikha ng Diyos dahil ginawa Niya tayong _____ Niya.
2. Ang imahe ng Diyos ay nasa bawat isa, babae man o lalaki. Gaya Niya, mayroon tayong _____, _____, at _____ na alamin ang makabubuti sa ating sarili at kung ano ang makakasama.
3. Mahalaga ang tao sa Diyos dahil binigyan Niya tayo ng kapangyarihang _____ at _____ ang ibang nilikha.

Mga Pamimilian
 emosyon
 espesyal
 kalooban
 kahawig
 katalinuhan
 katiwala
 pamahalaan
 pamunuan

2. emosyon, kalooban, at katalinuhan
3. pamahalaan at pamunuan

Ang Pananampalataya at Pag-iingat sa Sarili

Itanong: Kung naniniwala ka na nilikha kang espesyal ng Diyos at mahalaga ang buhay mo, ano ang mabuting tugon dito?

Isang paraan ng pagbibigay-halaga sa buhay ay ang pangangalaga sa sarili upang magampanan ang mga layunin ng pagkalikha. Ang pananampalataya ay maaaring maging isang makapangyarihang kasangkapan para sa pangangalaga sa sarili. Narito ang ilan sa mga dahilan:

- **Nagbibigay ng layunin at kahulugan:** Maraming pananampalataya ang nag-aalok ng balangkas para maunawaan ang mundo at ang iyong lugar dito. Maaari itong magbigay sa iyo ng layunin at kahulugan, na maaaring maging kapaki-pakinabang lalo na sa mga pagkakataong nahihirapan sa buhay.
- **Nakababawas ng stress at pagkabalisa:** Ang pananampalataya ay maaaring magbigay ng pakiramdam ng kaginhawahan at seguridad. Ang paniniwala sa isang mas mataas na kapangyarihan ay makatutulong sa iyong pakiramdam na hindi ka nag-iisa, may katuwang ka sa buhay at higit na makayanan ang stress at pagkabalisa.
- **Nagtataguyod ng pagpapatawad at pagmamahal sa sarili:** Maraming pananampalataya ang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapatawad at pagmamahal sa kapuwa at sa sarili. Makatutulong ito sa iyong iwanan ang negatibong pagpuna at tumuon sa pagtanggap sa sarili.

	1. Pagproseso ng Pag-unawa Ang pag-iingat sa sarili ay pagpapakita ng pasasalamat at pagpapahalaga sa buhay na kaloob ng Diyos sa atin. Narito ang ilang paraan na maaaring gawin. 1. Purihin at pasalamatang ang Diyos. Maging mapagpasalamat sa Diyos na pinagmulan at malayang nagbigay ng buhay. Kaakibat ng biyaya ng buhay ang pribilehiyong ipagdiwang ito. Isa itong paalala na hindi tayo nag-iisa. Iwanan ka man ng lahat ng tao sa mundo, may Diyos na sasama sa iyo. 2. Pahalagahan ang iyong sarili (<i>Appreciate yourself</i>). Suriin ang sarili sa harap ng salamin. Pagmasdan ang magandang katangiang iyong taglay. Sabihin sa sarili na “Espesyal ako dahil _____ (halimbawa: ...maganda at malinaw ang aking mata).” Maaari ring tanungin ang mga kapamilya kung ano ang gustong gusto nilang katangian mo. 3. Tanggapin ang mga limitasyon at pagiging hindi perpekto. Maging tapat sa sarili at ipagdasal ang mga katangiang hindi mo gusto. Tanggapin sa sarili na walang taong perpekto at hindi ito nakakaapekto sa tingin ng Diyos sa atin. Espesyal at mahal pa rin tayo ng Diyos sa kabila nito. Paraan ng Pag-iingat sa Sarili Gabay ang Pananampalataya Bagamat biniyayaan tayo ng Diyos ng katalinuhan upang alamin kung ano ang makabubuti sa ating sarili at ano ang mga gawaing makakasama, may mga ilang tao na gumagawa ng hindi mabuti sa sarili gaya ng pag-inom ng alak, paninigarilyo, paggamit ng droga at pagpapakamatay. Ang mga gawaing ito ay hindi nagpapakita ng paggalang at pasasalamat sa pinagkaloob sa ating buhay. Narito ang mga paraan ng pangangalaga sa buhay at pagpapasalamat. 1. Gumugol ng oras sa panalangin o pagmumuni-muni. Makatutulong ito upang mapayapa ang isip lalo na sa mga panahong nagugulumihanan. 2. Magbasa ng banal na kasulatan o iba pang relihiyosong teksto. Maaaring mabigyan ng magandang pananaw sa buhay lalo na sa mga pagkakataong kailangan ng gabay. 3. Dumalo sa mga relihiyosong serbisyo. Ang pakikisalamuha sa mga kapareho ng pananampalataya ay nagiging daan sa paghihikayat sa isa’t isa. Napapalago nito ang sosyal na aspekto ng ating pagkatao. 4. Magboluntaryo sa iyong komunidad. Ang paglilingkod sa ibang tao ay paglilingkod din sa Diyos. Ito rin ay tumutulong sa atin na maging <i>selfless</i> o hindi makasarili.	Kaugnay na Paksa 2: Proseso ng Pag-unawa hanggang Pinatnubayang Pagsasanay.
--	---	--

	5. Gumugol ng oras sa kalikasan. Bilang tagapamahala ng Diyos, gawing makabuluhan ang iyong buhay sa pamamagitan ng pangangalaga sa mga makikita sa kalikasan. 6. Gumugol ng oras para sa pagpapabuti ng pisikal na katawan. Upang maging balanse ang pag-iingat sa sarili, maglaan ng oras upang mamasyal, mag-ehersisyo, at matulog ng sapat. Ang magandang kalusugan ay nagdudulot ng maayos na pag-iisip, magandang paningin, pisikal na liksi, masaya at mahabang buhay. 2. Pinatnubayang Pagsasanay Pagsusuri ng Video Panoorin ang kuwento ni Nick Vujicic at kung paano niya pinahalagahan ang kaniyang buhay sa kabila ng kaniyang kalagayan, ipinanganak na walang kamay at paa. Pamprosesong Katanungan: - Ano ang kalagayan ni Nick Vujicic? - Sa kabila ng kaniyang kalagayan, paano inaalagaan ni Nick ang kaniyang sarili? - Paano ginagamit ni Nick ang kaniyang buhay? - Ano ang naitulong ng kaniyang pananampalataya sa pagtanggap niya sa sariling kalagayan at paggalang sa buhay na pinagkaloob sa kaniya? - Kung ikaw ang nasa katayuan ni Nick, gagawin mo rin ba ang ginawa niya? Panindigan ang sagot. IKAAPAT NA ARAW 3. Paglalapat at Pag-uugnay Gumawa ng pangkat na may limang (5) kasapi. Gumawa ng <i>public service announcement</i> (PSA) na nagsusulong ng kahalagahan ng pangangalaga sa sarili gabay ang pananampalataya. Rubrik sa Pagtataya: 15 - Kaangkupan/Kaugnayan ng nilalaman sa paksa 10 - Pagkamalikhain 5 – Kooperasyon	Pagsusuri ng Video Mapapanood ang <i>video</i> sa Youtube gamit ang <i>link</i> na https://www.youtube.com/watch?v=tJnJ_fTYofQ Para sa mga paaralang walang gadyet para sa panonood ng <i>video</i>, ang guro ay maaaring maghanda ng babasahing teksto o maghanap ng ibang katangi-tanging kuwento na maaring basahin na may kaugnayan sa aralin. Ikaapat na araw: Paglalapat at Pag-uugnay hanggang Gawaing Pantahanan Paglalapat at Pag-uugnay Ipanood ang halimbawa ng PSA sa <i>link</i>. Maaari ring magpakita ng ibang halimbawa ActiveforLife. (2011). <i>Active for Life Public Service Announcement (PSA)</i> [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=2syJ1bAM0vc
--	--	--

D. Paglalahat	1. Pabaong Pagkatuto Itanong at iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral. a) Paano naiimpluwensiyahan ng pananampalataya ang pag-alaga sa sarili? b) Bakit kailangang umiwas sa mga bagay na nakakasama sa sarili? 2. Pagninilay sa Pagkatuto Itanong at gabayan ang mga mag-aaral sa pagninilay. a) Paano mo iginagalang ang buhay na kaloob ng Diyos sa iyo? b) Umiiwas ka ba sa mga gawain na nakakasama sa iyong sarili? c) Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na baguhin ang iyong buhay, may babaguhin ka ba? Ipaliwanag ang sagot.	
IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit I. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. 1. Ang pananampalataya ay nakakatulong sa paggalang sa buhay sa pamamagitan ng: A. pagbibigay ng layunin at kahulugan ng buhay. B. pagbibigay ng malinaw na patakaran para sa moral na pamumuhay. C. pagkakaroon ng malapit na ugnayan sa Diyos. D. pagkakaroon ng kamalayan sa kung ano ang mabuti at masama. 2. Ano ang ibig sabihin ng pananampalataya? A. Pagkakaroon ng malalim na kaalaman sa Bibliya. B. Pagsunod sa mga tradisyon ng simbahan. C. Tiwala at paniniwala sa Diyos at Kaniyang mga pangako. D. Pag-aaral ng mga banal na kasulatan. 3. Ano ang kahalagahan ng pananampalataya sa pag-iingat sa sarili? A. Nagbibigay-lakas at pag-asa sa mga pagsubok. B. Nagpapalakas ng <i>immune system</i>. C. Nagbibigay seguridad sa mga relasyon. D. Nagpapababa ng <i>stress levels</i>. 4. Bakit mahalaga ang ugnayan sa Diyos sa pag-iingat sa sarili? A. Dahil ito ang nagbibigay ng espirituwal na gabay at kahulugan sa buhay. B. Dahil ito ang nagbibigay ng pisikal na kalusugan. C. Dahil ito ang nagtuturo ng mga rituwal para sa proteksiyon. D. Dahil ito ang nagbibigay ng materyal na tagumpay. 5. Ano ang ibig sabihin ng “pag-iingat sa sarili”? A. Pagsunod sa mga utos ng Diyos. B. Paggamit ng mga orasyon para sa proteksiyon.	Mga sagot: 1. A 2. C 3. A 4. A 5. D

	C. Pagsasagawa ng mga kautusan sa simbahan. D. Pag-aalaga sa sariling kalusugan, seguridad, at kapakanan. II. Sagutan ang mga tanong at magbigay ng maikling paliwanag. 1. Ano-ano ang mga paraan ng pag-iingat sa sarili? Magbigay ng tatlo. _____ _____ _____ 2. Bakit mahalaga ang pagbabasa ng salita ng Diyos at pagmumuni bilang paraan ng pag-iingat sa sarili? _____ _____ _____ 3. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin Gumawa ng plano sa pangangalaga sa sarili para sa isang linggo.			
A. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na
	<i>Estratehiya</i>			
	<i>Kagamitan</i>			
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			
	<i>At iba pa</i>			

				araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.
B. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang paggalang sa buhay sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Paano ginampanan ng mga mag-aaral ang kanilang pangkatang gawain? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral sa paggalang sa buhay?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba? Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang mas mapahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang buhay?</i>			Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.